Republika ng Pilipinas
Bayan ng Santa Rosa
Lalawigan ng Laguna

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING ANIM NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-7 NG SETYEMBRE, 1988.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ROBERTO R. GONZALES - Punumbayan-Namumuno
2. Kgg. ANTONIO B. DICTADO - Pangalawang Punumbayan
3. Kgg. EMILIO M. TIONGCO - Kagawad
4. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
5. Kgg. ERIC T. PUZON - Kagawad
6. Kgg. URIEL T. MANGAHIS - Kagawad
7. Kgg. ADELO T. PEREZ - Kagawad
8. Kgg. ANTONIO G. DUNGAO - Kagawad
9. Kgg. AVELINA R. GIRONELLA - Kagawad
10. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
11. Kgg. REYNALDO C. ENTENA - Kagawad, Kinatawan ng sektor ng Agrikultura
12. Kgg. GEMINIANO S. BABASANTA - Kagawad, Kinatawan ng sektor ng Industriya

*********************

KAPASIYAHAN BLG. 54-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Puzon)

ANG KAPASIYAHANG NAGPAPAHAYAG NG MALUWAG SA KALOOBANG PAGLAHOK/PAGSALI SA MINUTE (INFRASTRUCTURE UTILITIES AND ENGINEERING PROGRAM).

SAPAGKA'T, ang MINUTE ay isang programang may layuning kilalanin at paunlarin ang kakulangan ng mga walang kakayahang bayan;

SAPAGKA'T, ang bayan ng Santa Rosa, Lalawigan ng Laguna ay walang sapat na pondo o kakayahan upang ganap na mabalikat ang mga kaunlarang lubos na kailangan ng bayan;

SAPAGKA'T, sa pamamagitan lamang MINUTE magkakaroon ng ganap na katuparan ang mga kaunlarang hinahangad ng pamahalaang bayan.

NGAYON, SAMAKATUWID sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawaha ay:

IPINASISIYA tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA na IPAABOT AT IPAHAYAG ANG MALUWAG SA KALOOBANG PAGLAHOK/PAGSALI SA MINUTE.

OFFICE OF THE TREASURER
RECEIVED
DATE: 9-23-88
BY: [signature]
SANTA ROSA, LAGUNA

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd.) ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng ika-labing anim na pangkaraniwang pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Setyembre 7, 1988.

CYNTHIA G. MERCADO
Kalihim Pambayan